# COVID-19: UNEMPLOYMENT SUBSIDY SCHEME

## Pangkalahatang-ideya: Mga Madalas na Tanong

**Pakitandaan: Ang dokumento na ito ay pagbubuod lamang ng mga aspeto ng *Unemployment Subsidy Scheme.* Ang kabuuan ng mga terms ng Scheme na ito ay nakalahad sa *Guidance Notes at Application Form* na nasa ibaba at ang mga prospektibong Claimants ay dapat na isaalang-alang ang mga ito kapag magpapasa ng kanilang claim.**

### Ang COVID-19: Unemployment Subsidy Scheme

Noong ika-17 ng Abril 2020, inanunsyo ng FIG ang pakete ng mga karagdagang hakbang para magbigay ng suportang pinansyal sa mga negosyo at mga manggagawa na napektuhan ng krisis sa COVID-19. Bilang bahagi ng mga hakbang na iyon, itinatag ng FIG ang bagong **COVID-19: Unemployment Subsidy Scheme** (ang **Scheme**) na nakatutok sa mga dating mangagawa na nawalan ng kanilang trabaho (o nakatanggap ng offer sa trabaho na kanilang tinaggap, ngunit binawi rin sa huli) bilang resulta ng krisis.

Pakitandaan: Kung ikaw ay hindi nawalan ng trabaho dahil sa krisis ng COVID-19 ngunit sa halip ay nailagay sa maikling oras ng trabaho o *furlough,* ikaw ay walang karapatan sa suporta sa ilalim ng Scheme na ito. Gayunpaman, kung sumang-ayon ang iyong employer**,** at ikaw ay kwalipikado sa suporta na nasa ilalim ng *Job Retention (Furlough) Scheme.* Maaaring makipagugnayan sa iyong employer kung ang suporta sa ilalim ng Scheme na iyon ay maaaring magamit. Ang karagdagang impormasyon sa ***Job Retention (Furlough) Scheme*** ay makikita sa www.fig.gov.fk/covid-19.

Kung dati ay wala kang trabaho ngunit ikaw ay dating self-employed, hindi ka maaaring magkaroon ng karapatan sa suporta ng claim sa ilalim ng Scheme na ito. Sa halip, ang suporta ay maaaring makuha sa ilalim ng ***Income Supplement Scheme***, at ang mga detalye tungkol dito ay makikita sa www.fig.gov.fk/covid-19.

Ang karagdagang suporta ay maaari rin makuha sa ilalim ng ***Employment/Self-Employment Support Scheme***, at ang mga detalye tungkol dito ay makikita sa www.fig.gov.fk/covid-19.

### Hanggang kalian epektibo ang Scheme na ito?

Naging epektibo ang pagsisimula ng Scheme noong ika-20 ng Marso 2020. Ibig sabihin nito, kung ikaw ay may karapatan na gumawa ng claim sa ilalim ng Scheme na ito at nawalan ka ng trabaho (o binawi ang iyong job offer) sa kahit na anong panahon noong o pagkatapos ng ika-20 ng Marso 2020 hanggang sa katapusan ng Scheme, ikaw ay maaaring magkaroon ng karapatan (na sakop sa ilalim ng terms ng Scheme na ito) na makatanggap ng pinansyal na suporta habang walang trabaho.

Ang bawat isang matagumpay na Claimant ay may karapatan sa suporta sa ilalim ng Scheme na ito sa pinakamataas na nobenta (90) na araw mula ika-20 ng Marso (ito ay hanggang ika-18 ng Hunyo 2020). Gayunpaman, ang epekto ng Scheme na ito ay babantayan at susuriin ng FIG at ang panahon para sa operasyon ng Scheme na ito ay maaaring magbago sa hinaharap.

## Paano ka magiging kwalipikado sa ilalim Scheme na ito?

Maaari kang mag-apply para sa suporta sa ilalim ng Scheme na ito kung ikaw ay:

- may karapatan na manirahan at magtrabaho sa Falkland Islands; **at**
- ikaw ay rehistrado sa Tax Office para sa layunin ng pagbubuwis; **at**
- naging empleyado na may full-time o part-time na trabaho noong ika-20 ng Marso 2020; **at**
- nawalan ng trabaho dahil sa krisis ng COVID-19; **o**
- tumanggap ng job offer noong o bago ang ika-20 ng Marso 2020 ngunit ito ay binawi rin dahil sa krisis ng COVID-19.

Hindi ka maaaring mag-claim ng bayad sa ilalim ng Scheme na ito kung:

- may trabaho ka pa rin at binabayaran ng iyong employer. (Kung ang dami ng oras ng iyong trabaho ay nabawasan o ikaw ay nailagay sa furlough, ikaw ay maaaring may karapatan sa suporta sa ilalim ng *Job Retention (Furlough) Scheme* sa halip na sa Scheme na ito);
- boluntaryo kang umalis sa iyong trabaho
- ikaw ay natanggal sa trabaho sa mga kadahilanang hindi konektado sa epektong pang-ekonomiko ng krisis sa COVID-19;
- Ikaw ay dati nang walang trabaho. (Kung ikaw ay isang kaswal na trabahador o nasa zero-hours na kontrata, hindi ka maaaring maituring na isang employed para sa layunin ng Scheme na ito ngunit bilang isang self-employed, at sa gayon ay hindi maaaring gumawa ng claim sa ilalim ng Scheme na ito (bagaman ikaw ay maaaring magkaroon ng karapatan sa suporta sa ilalim ng *Income Support Scheme*)); o
- kung hindi man ay hindi mo matupad ang mga karapat-dapat na criteria na nakasaad sa itaas.

Ang kabuuan ng mga criteria para maging karapat-dapat para sa mga Claimants sa ilalim ng Scheme na ito ay nakalahad sa ***Guidance Notes at Application Form*** *sa ibaba.*

Kung hindi ka karapat-dapat para sa suporta sa ilalim ng Scheme na ito, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat sa ibang uri ng suporta na galing sa FIG – tingnan sa itaas. Maaaring makipagugnayan sa Treasury (sa pamamagitan ng email: treasury.support@sec.gov.fk o sa teleponong 28400) para talakayin ang iyong mga kalagayan at para makakuha ng karagdagang impormasyon sa suporta na maaari mong magamit.

## Kailan titigil ang iyong Entitlement sa ilalim ng Scheme na ito?

Mawawalan ka ng karapatan na tumanggap ng mga bayad sa ilalim ng Scheme na ito kung:

- bumalik ka na sa iyong trabaho at ang iyong employer ay nagpatuloy na sa pagbabayad sa iyo. (Kasama dito ang kaso na kung saan ang iyong employer ay tinanggap kang muli at inilagay sa sa furlough o maikling oras ng trabaho at bayaran ka sa ilalim ng *Job Retention (Furlough) Scheme);*
- naghanap ka ng ibang trabaho; o
- tumigil ka sa pagiging residente sa Falkland Islands, o na-satisfy mo ang ibang criteria na nakasaad sa itaas at ikaw ay naging karapat-dapat.

Gayunpaman, kung ikaw ay makakuha ng bagong trabaho o makabalik sa luma mong trabaho, ikaw ay maaari pa ring makakuha ng claim sa ilalim ng Scheme kung ikaw ay binabayaran sa kabuuan ng kaunti sa £2,500 kada buwan, mula sa iyong bago/dating employer o mula sa ibang sources.

Sa kahit anong pagkakataon, matitigil ang iyong karapatan sa pagtanggap ng bayad sa ilalim ng Scheme sa katapusan ng panahon ng nobenta (90) na araw tulad ng nakasaad sa itaas.

Kung hindi ka sigurado kung dapat ka bang makatanggap ng suporta sa ilalim ng Scheme na ito, maaaring makipagugnayan sa Treasury (sa pamamagitan ng email: treasury.support@sec.gov.fk o sa teleponong 28400) para talakayin ang iyong mga kalagayan.

## Anong mga Kabayaran ang makukuha sa ilalim ng Scheme na ito?

Kung ikaw ay karapat-dapat sa ilalim ng Scheme na ito,  ikaw ay may karapatam sa isang kabayaran (o mga kabayaran) ng hanggang sa animnapung (60) porsyento ng iyong karaniwang buwanang sinasahod o sinusweldo sa loob ng tatlong buong buwan kasunod ng iyong redundancy o pagkakatanggal sa trabaho. Halimbawa, kung ikaw ay tinanggal sa trabaho noong buwan ng Abril 2020, ang iyong bayad ay hanggang sa animnapung (60) porsyento ng iyong karaniwang buwanang sinasahod o sinusweldo na iyong natanggap noong Enero hanggang Marso 2020.

Kung ikaw ay may claim patungkol sa iyong unconditional job offer na iyong tinaggap ngunit binawi rin dahil sa krisis ng COVID-19, ikaw ay maaaring may karapatan sa hanggang sa animnapung (60) porsyento ng iyong buwanang sahod o sweldo na nasa offer.

Gayunpaman, mayroong pinakamataas o pinakamababang hangganan sa maaaring ibayad sa bawat Claimant sa ilalim ng Scheme na ito:

- Walang sinuman ang mababayran ng mas mataas sa £2,500 kada buwan; at
- Walang sinumang may karapatan sa Minimum Wage na ibabayad ng mas mababa sa nakatakdang Minimum Wage.

## Paano mag-apply?

Maaaring bumisita ang mga Claimant sa website ng FIG at i-download ang "*COVID-19: Unemployment Subsidy Scheme – Guidance Notes and Application Form*"*.* Maaari mong makita ang Application Form dito: www.fig.gov.fk/covid-19#SupportPackage .

Ang Guidance Notes at Application Form ay may lamang detalyadong mga patnubay tungkol sa Scheme na ito, ang mga criteria para maging karapat-dapat at ang mga terms nito. Dapat mo itong basahin ng mabuti kapag magpapasa ng claim.

Bilang suporta sa iyong application, kinakailangan mong magpasa ng iyong kontrata sa trabaho / terms ng iyong employment para sa iyong nawalang trabaho, mga payslips para sa tatlong buong buwan bago ka natanggal, at ang ebidensya na ikaw ay natanggal sa trabaho bilang resulta ng krisis sa COVID-19. Kung ikaw ay may claim dahil sa iyong job offer na binawi  rin sa iyo, kinakailangan mong magbigay ng ebidenysa tungkol sa iyong offer, na ito ay iyong tinanggap at ito ay binawi rin dahil sa krisis sa COVID-19. Ang mga dokuemtong kinakailangan ay nakalagay sa Application Form.

## Mga Katanungan at Karagdagang Impormasyon

Kung kailangan mo ng karagdagang impormasyon o hindi ka sigurado sa kung anong uri ng pinansyal na suporta ang iyong kukunin, maaari mong makita ang mga karagdagang detalye sa website ng FIG sa www.fig.gov.fk/covid-19#SupportPackage .

Maaari ka ring makipagugnayan sa Scheme Administrator sa Treasury sa pamamagitan ng email na treasury.support@sec.gov.fk o tawagan sila sa numerong 28400.